

# SBCS- Lungsod ng Chula Vista

## Programang Tulong sa Paupa sa Emerhensiya



*Ikaw ba ay pinansyal na naapektuhan ng COVID-19 na pandemiko?*

*Kailangan mo ba ng tulong sa paupa at mga utilidad?*

Ang SBCS - City of Chula Vista Emergency Rental Assistance Program (ERAP) ay tumutulong sa karapat-dapat na mga sambahayan sa mga kwalipikadong mga lugar na pinansyal na naapektuhan ng COVID-19 na pandemiko. Ang programa ay magbibigay ng tulong sa mga nangungupahan sa kabayaran ng mga atrasong upa at mga utilidad.

**Mga Lugar na Paglilingkuran:** Lahat ng mga lugar sa rehiyon ng Chula Vista.

- 91902\*
- 91910
- 91911
- 91913
- 91914
- 91915

\*Bahagi ng zip code 91902 ay hindi sakop ng City of Chula Vista. Para masigurado, itsek sa ERAPSanDiego.org para malaman kung aling teritoryo ang sambahayan nyo.

### Pamantayan ng Pagiging Karapat-dapat:

- Ang kita ng sambahayan ay mababa o nasa 80% Area Median Income (Tignan ang tsart sa ibaba)
- Ang sambahayan ay dapat nakaranas nang direkta o hindi direkta na kahirapang pinansyal kaugnay sa COVID19.
- Ang sambahayan ay nasa panganib ng pagkaranas ng walang tuluyan o kawalang-kasiguraduhan sa pabahay
- Ang sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng subsidy sa paupa tulad ng Seksyon 8, mabilisang muling pabahay na tulong, o tulong sa paupa mula sa mga non-profit na mga ahensiya ay maaaring mag-aplay upang ang kanilang bahagi sa upa ay mapunan. Hindi maaaring madoble ang tulong ng sambahayan na tinatanggap sa kasalukuyan sa tulong na manggagaling sa ERAP.

\*Ang mga residente na nakatira sa abot-kayang pabahay ay maaring tumanggap ng tulong.

### Priority:

- Prayoridad ay ibibigay sa mga sambahayan na mababa o nasa 50% AMI o kapag miembro ng sambahayan ay nawalan ng trabaho dahil sa COVID19 na pandemika at umabot na ng 90 days.
- Tulong sa pinansyal para sa nakalipas na utang at paparating na bayarin ay umaasa sa pondo na natitira pagkatapos ng mabigyan ng tulong ang lahat ng karapat-dapat na mga sambahayan.

## May-aplay online

### Simula Marso 15, 2021

Para sa impormasyon at para mag-aplay, pumunta sa [www.ChulaVistaERAP.com](http://www.ChulaVistaERAP.com). Isang aplikasyon lamang kada sambahayan ang iproproseso. Maaaring itsek ng mga aplikante and kanilang katayuan sa portal ng aplikasyon sa anumang punto ng proseso.

Kung wala kang access sa internet at kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tumawag sa (619) 271-1805. Isang kinatawan ng SBCS ay maaaring tumulong sa inyo.

**Bago Marso 15, bisitahin ang website sa [www.chulavistaca.gov/tenanthelp](http://www.chulavistaca.gov/tenanthelp) para makakuha ng impormasyon at pasabi.**

### Limitasyon ng Kita sa San Diego County

Bilang ng Tao sa Sambahayan	Kita katumbas ng o mas mababa sa sumunod:
1	\$64,700
2	\$73,950
3	\$83,200
4	\$92,400
5	\$99,800
6	\$107,200
7	\$114,600
8	\$122,000

**\*Ang mga residente ng lungsod ng San Diego sa labas ng Chula Vista ay maaaring bumista sa [www.ERAPsandiego.org](http://www.ERAPsandiego.org) para sa impormasyon tungkol sa tulong sa paupa sa kanilang lugar.**

Itong proyekto ay sinusuportahan, sa kabuuan o bahagyang, ng pederal gantimpaya ERA0131 na iginawad ng U.S. Departamento ng Treasury sa Lungsod ng Chula Vista.